Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**Provincial Environment and Natural Resources Office**
**MIMAROPA Region**
Bgy. Sta. Monica, Puerto Princesa City, Palawan
E-mail: penropalawan@denr.gov.ph
Telfax No. (048) 433-5638 / (048) 433-5638

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
INCOMING BY: Nina
OUTGOING DATS NO.

November 24, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR** : The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA
1515 DENR By the Bay Bldg., Roxas Boulevard,
Barangay 668, Ermita Manila

**THRU** : The OIC, Assistant Regional Director for Technical Services

**FROM** : The Provincial Environment and
Natural Resources Officer

**SUBJECT** : **APPROVED MINUTES OF PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) EXECOM MEETING OF MALAMPAYA SOUND PROTECTED LANDSCAPE AND SEASCAPE (MSPLS) TAYTAY-SAN VICENTE, PALAWAN ON MARCH 17, 2022**

Forwarded is the memorandum dated November 15, 2022 from CENRO Taytay along with the Approved Minutes of the Protected Area Management Board (PAMB) execom meeting of Malampaya Sound Protected Landscape and Seascape (MSPLS).

The meeting was conducted on March 17, 2022 at Pem's Pension and Restaurant, Barangay Poblacion, Taytay, Palawan. The said minutes of the meeting was approved during the PAMB enbanc meeting on November 3, 2022 at Tay Lelong's Pension House, Barangay Poblacion, Taytay, Palawan.

This serves as Means of Verification (MoV) for the target activity under the Protected Area Management and Development- Protected Area Management Board (PAMB) Meeting.

For information and record.

"For the PENRO"

**DAVID F. DALINO**
Land Management Officer III, Chief PDPU
In-Charge Office of the PENRO

Conservation and Development Section
RELEASED
BY
DATE 11-28-22
CN 890
DENR PENRO

DENR-PALAWAN
PENRO-RECORDS
RELEASED
By Rhea
Date 28 NOV 2022 CN 2022-3208

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
By the National Highway, Poblacion, Taytay, Palawan 5312
Mobile: 0926-505-9335 TM 0912-171-3889 TNT
Email: cenrotaytay@denr.gov.ph

DENR PENRO PALAWAN RECORDS RECEIVED BY: DATE: CN22-10696

November 15, 2022

MEMORANDUM

FOR : The Provincial Environment and Natural Resources Officer- Palawan
Sta. Monica, Puerto Princesa City

FROM : The Community Environment and Natural Resources Officer
This jurisdiction

SUBJECT : **APPROVED MINUTES OF PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) EXECOM MEETING OF MALAMPAYA SOUND PROTECTED LNADSCAPE AND SEASCAPE (MSPLS), TAYTAY-SAN VICENTE, PALAWAN ON MARCH 17, 2022**

Respectfully forwarded is the Memorandum dated November 15, 2022 of Protected Area Superintendent (PASu) Clarissa P. Pador being an accomplishment and **Means of Verification (MoV)** on the target activity of Protected Area Management Board (PAMB) meeting under 001 Protected Area Management and Development of Malampaya Sound Protected Landscape and Seascape (MSPLS), Taytay-San Vicente, Palawan.

For information and record.

**CONRADO M. CORPUZ**

DENR CENRO TAYTAY, PALAWAN RELEASED BY: DATE: NOV 16 2022 CN 3356

Cc: PAMO-MSPLS

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE**
MALAMPAYA SOUND PROTECTED LANDSCAPE AND SEASCAPE (MSPLS)
Taytay-San Vicente, Palawan
Barangay Old Guinlo, Taytay, Palawan
Email add: pamomspls@gmail.com/Contact #: 0938-786-3728 (SMART)

MALAMPAYA SOUND PROTECTED LANDSCAPE AND SEASCAPE
PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD

November 15, 2022

MEMORANDUM

DENR CENRO TAYTAY, PALAWAN RECEIVED BY: DATE: 11-16-22 CN 06497

FOR : The Community Environment and Natural Resources Officer
Taytay, Palawan

FROM : In Charge, CDS/Protected Area Superintendent
Malampaya Sound Protected Landscape and Seascape (MSPLS)
Taytay – San Vicente, Palawan

SUBJECT : **APPROVED MINUTES OF PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) EXECOM MEETING OF MALAMPAYA SOUND PROTECTED LANDSCAPE AND SEASCAPE (MSPLS) TAYTAY – SAN VICENTE, PALAWAN ON MARCH 17, 2022**

Respectfully submitted is the abovementioned subject relative to the target activity of Protected Area Management Board (PAMB) meetings under 001 Protected Area Management and Development Sub-Program for Malampaya Sound Protected Landscape and Seascape (MSPLS) Taytay – San Vicente, Palawan.

Please be informed that the PAMB Execom meeting was held at Pem's Pension & Restaurant, Barangay Poblacion, Taytay, Palawan on March 17, 2022 and approved during the PAMB Enbanc meeting on November 3, 2022 at Tay Lelong's Pension House, Barangay Poblacion, Taytay, Palawan. Attached are the following;

1. Approved minutes
2. Photo documentation
3. Received copy of Notice of Meeting

For information and record.

**CLARISSA P. PADOR**

MSPLS. TAYTAY/PALAWAN RELEASED BY: DATE: 11-15-22 CN: 0314

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**Region IV- MIMAROPA**
**PROTECTED AREA OFFICE**
**MALAMPAYA SOUND PROTECTED LANDSCAPE AND SEASCAPE**
Bgy. Old Guinlo, Taytay, Palawan

**ANG KATITIKAN NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) EXECOM MEETING NA ISINAGAWA NOONG IKA-17 NG MARSO, 2022 SA PEM'S PENSION & RESTAURANT, BARANGAY POBLACION, TAYTAY, PALAWAN.**

**Mga Dumalo:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. Hon. Christian V. Rodriguez | - | Municipal Mayor, Taytay, Palawan<br>represented by Mr. Robinson P. Morales |
| 2. Hon. Amy Roa Alvarez | - | Municipal Mayor, San Vicente, Palawan<br>represented by Mr. Christian Anthony T. Villon |
| 3. Hon. Delia E. Fajardo | - | Punong Barangay, Old Guinlo, Taytay<br>represented by Hon. Marcelino S. Nava, Jr. |
| 4. Hon. Cesar Caballero, Sr | - | Punong Barangay, Alimanguan, San Vicente<br>represented by Hon. Reynald S. Adion |
| 5. Ms. Karen H. Agabin | - | NGO's representative - MFI<br>represented by Mr. David Maurice C. Tolentino |
| 6. Mr. Geofrey M. Aludia | - | NGO's representative – WWF |
| 7. Ms. Julie Hope P. Evina, Ph. D | - | Academe Representative - WPU<br>represented by Mr. Alejandro Bernardo |
| 8. Ms. Josephine G. dela Cruz | - | People's Organization representative<br>represented by Ophelia C. Sumoroy |
| 9. Mr. Primitivo B. Villarma | - | People's Organization representative<br>represented by Idleterio Sese |

**Hindi Dumalo:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. Lormelyn E. Claudio, CESO IV | - | Regional Executive Director, MIMAROPA Region, |
| 2. Hon. Jose Ch. Alvarez | - | Governor, Palawan |
| 2. Cong. Franz Joseph Alvarez | - | Congressman, 1st District of Palawan |
| 4. Mr. Rustico B. Dangue | - | MLGOO, San Vicente, Palawan |
| 5. Hon. Virginia D. Hamora | - | Municipal IPMR – Taytay |
| 6. Hon. Reynaldo D. Rodriguez | - | Municipal IPMR – San Vicente |

**Iba pang Dumalo:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. Quennie Azarraga | - | Binga Beach Brothers |
| 2. David L. Smith | - | Binga Beach Brothers |
| 3. Joann P. Lopez | - | C3 Philippines, Inc. |
| 4. Helbert G. Garay | - | C3 Philippines, Inc. |
| 5. Gerly P. Aldea | - | Barangay Tresurer of Cataban |

**PAMB Secretariat**

| | | |
|---|---|---|
| 1. For. Clarissa P. Pador | - | PASu, Head Secretariat |
| 2. Maria Lilibeth E. Arojo | - | Secretariat |
| 3. Melky P. Oab | - | Secretariat |
| 4. Irene C. Erbete | - | Secretariat |
| 5. Joseph C. Agbisit | - | Secretariat |
| 6. Roniel C. Solana | - | Secretariat |

**I. Ang Pormal na Pagsisimula ng Pagpupulong**

Ang PAMB-ExeCom na pagpupulong ng Malampaya Sound Protected Landscape and Seascape ay pormal na nagsimula sa ganap na ika-10:25 ng umaga sa pangunguna ni G. David Maurice C. Tolentino na sinundan ng panalangin ni Gng. Ophelia C. Sumoroy at ng Pambansang Awit ng Pilipinas. Ang miyembro na dumalo ay may kabuoang bilang na siyam (9) at ang hindi dumalo ay anim (6) samantalang ang iba pang mga dumalo ay may bilang na lima (5).

**II. Ang pagbasa ng paksa ng pagpupulong**

Binasa ng tagapanguna ang paksa ng pagpupulong.

I. **Preliminaries**
   a. Prayer
   b. National Anthem

II. **Call to order**

III. **Determination of quorum**

IV. **Presentation of provisional agenda for approval**
   a. Reading and approval of the minutes of the previous meeting

V. **New Business**
   1. Letter of Ma. Louella M. Aranas, managing partner of LMA LAW OFFICES requesting the PAMB Endorsement for Binga Beach located at Barangay Binga, San Vicente, Palawan.

   2. Letter of Mr. Rex M. Lim requesting the PAMB Endorsement for renewal of his small scale sand & gravel permit located at Sitio Barok, Barangay Cataban, Taytay, Palawan.

VI. **Other official matters/announcements**
   1. C3 Philippines proposed signages for MSPLS
   2. Barangay Local Government Unit projects within timberland
   3. Application for PAMB endorsement of fishing structures within MSPLS.
   4. Using of leba-leba fishing activities within outersound of MSPLS.
   5. Asphalt project operated by TN Ramos at Sitio Cansilayan, Barangay Bato, Taytay, Palawan.
   6. WWF Project proposal within MSPLS
   7. MFI Presentation

VII. **Adjournment**

**III. Ang pagtalakay sa katitikan ng nakaraang pagpupulong**

Inilahad ni PASu Clarissa P. Pador sa kapulungan ang provisional agenda. Matapos ang pagbasa ay itinanong ng tagapanguna kung may nais idagdag sa pag-uusapan. Sa kadahilanang wala nang iba pang dagdag sa pag-uusapan ay iminungkahi ni Municipal Administrator Robinson P. Morales kinatawan ni Hon. Christian V. Rodriguez na pagtibayin ito na senigundahan naman ni Punong Barangay Marcelino S. Nava, Jr..

Binasa ng kapulungan ang nakaraang katitikan sa pangunguna ng tagapanguna na isinagawa noong ika-28 ng Oktubre 2021.

Matapos ang pagtatama sa katitikan ng nakaraang pagpupulong, iminungkahi ni Municipal Administrator Morales na pagtibayin ito na senigundahan naman ni Punong Barangay Nava, Jr..

**IV. New Business**

1. **Letter of Ma. Louella M. Aranas, managing partner of LMA LAW OFFICES requesting the PAMB Endorsement for Binga Beach Brothers Inc. located at Barangay Binga, San Vicente, Palawan.**

Inilahad ni G. David L. Smith at Bb. Quennie Azarraga, ng Binga Beach Brothers Incorporated ang nilalaman ng kanilang proyekto sa loob ng Malampaya Sound na matatagpuan sa Barangay Binga,

San Vicente, Palawan. Ayon sa kanila, ang proyekto ay naglalayong sa pagpapatakbo ng mga pasilidad ng beach house/resort at iba pang lugar ng pahingahan at patuloy na suportahan ang lokal na komunidad ng Barangay Binga sa pamamagitan ng pagpapalakas ng komunikasyon sa mga opisyales ng at Local Government Unit ng San Vicente. Ang Binga Beach Brothers Inc. ay nangangako na pangalagaan at pagyayamanin ang kapaligiran habang tumutulong sa pag-akit at pagsuporta sa mas maraming maliit na negosyo sa lugar na magbibigay ng mga oportunidad sa trabaho para sa lokal na komunidad at mga katutubo sa Barangay Binga.

Ang proyekto ay naglalayon din na isulong ang lokal na turismo sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang malusog, napapanatiling kapaligiran upang gawing mas kaakit-akit ang mga tourist destination upang gawin bakasyunan ang Barangay Binga. Kanila rin pananatilihin ang pananaw para sa isang ecologically sound, self-sustaining project na idinisenyo upang itakda ang pamantayan para sa mga lokal na pag-unlad at gawin ang Lumambong Beach kung saan ang proyekto ay matatagpuan upang maging isang nangungunang destinasyon sa Palawan.

Itinanong naman ng tagapanguna sa Secretariat kung kumpleto ang mga papeles na isinumite at kung ito ay dumaan sa evaluation?

Ayon kay PASu Pador ayon sa mga isinumite na dokumento ng Binga Beach Brothers halos ay kumpleto na ang kulang na lamang ay ang Certificate of Non-Overlap galing sa NCIP, dagdag pa niya ang proyekto ay nasa lupang Alienable and Disposable (A&D) at mayroon titulo (Transfer Certificate of Title). Kung kaya't kanilang hinihingi sa kapulungan ang pag-endorso nito sapagkat ito ay isang requirements para makapagproseso ng kanilang mga dokumento sa LGU- San Vicente at maging sa DENR para sa ECC.

Dagdag naman ng tagapanguna sila ay umaasa sa proyekto na maisagawa ang mga gawain ayon sa plano, sapagkat ang gusto natin (board) ay ang sustainable na turismo na siyang makakatulong sa kumunidad at higit sa lahat ay para sa mga mamamayan ng Barangay Binga.

Pahayag naman ni Bb. Azarraga na sila ay may ginawa ng pakikipag-usap sa mga mamamayan ng Barangay Binga.

Sa kadahilanang wala nang iba pang mga katanungan at mungkahi para sa nasabing usapin inirekomenda ni Municipal Administrator ang pag-endorso nito na senigundahan ni Gng. Ophelia Sumoroy.

2. **Letter of Mr. Rex M. Lim requesting the PAMB endorsement for renewal of his small scale & gravel permit located at Sitio Barok, Barangay Cataban, Taytay, Palawan**

Ayon sa tagapanguna ay bigyan muna sila ng kaunting kaalaman tungkol sa proyekto at kung saan ang location ng small scale & gravel permit.

Ipinahayag ni G. Rex Lim, ang kaniyang proyekto ay matatagpuan sa Sitio Barok, Barangay Cataban, Taytay, Palawan na humuhingi ng endorsement para sa renewal.

Saad naman ng tagapanguna ang nasabing proyekto ay idinaan na sa nakaraang PAMB meeting na kung saan ito ay para sa renewal na lamang.

Inilahad ni PASu Pador ang aplikasyon para sa renewal ng CSAG permit ni G. Lim ay kinakailangan mayroon PAMB endorsement at ito ay matatagpuan sa Sitio Barok, Barangay Cataban, Taytay, Palawan. Ayon kay PASu Pador, batay sa resulta ng Management Conference noong Pebrero 2022 napagkasunduan at inaprubahan ng Regional Executive Director (RED) na isang assessment ang isasagawa sa kahabaan ng Cataban River ng isang Multi-Sectoral team. Ang nasabing usapin tungkol sa extraction ng sand and gravel ay tinalakay noong pagbisita ni RED Lormelyn E. Claudio kay Mayor Christian V. Rodriguez upang malaman kung kaya pang suportahan ng Cataban River ang graba at buhangin. Ang nasabing assessment ay validation ay wala pang final schedule at naghihintay pa rin ng memorandum mula sa Region para sa nasabing layunin.

Dagdag ni Gng. Gerly P. Aldea, Tresurer ng Bgy. Cataban na ayon sa sinabi ni PASu Pador na magkakaroon ng assessment at validation sa Cataban river, ang bridge ng Umao, Sitio ng Cataban ay kanyang iminumungkahi na puntahan upang mabisita dahil dito kumukuha ang contractor para ssa

construction flood control. Saa pa niya iyong area ni G. Lim naman ay sa Sitio Barok na kung saan ito ay kalapit ng area ni G. Ovinal Salvame. Ang nasabing aplikante din ay dumalo sa barangay session para kumuha ng endorsement sa renewal ng kanyang CSAG.

Ayon naman kay G. Lim ang base sa kanyang CSAG permit ang volume na dapat niyang kuhanin ay nasa 31,000 cubic meters, ngunit ang kaniyang nakukuha pa lamang ay nasa 400 cubic meters at ito ay noong nakaraang taon pa.

Saad naman ng tagapanguna ang lahat ng extraction ay naka dokumento, subalit kagaya n g tinuran ni PASu Pador na kailangan magsagawa ang assessment at validation sa Cataban river upang malaman ang kasalukuyang kaalagayan ng naturang ilog base sa ginawang pag-uusap nina Mayor Rodriguez at RED Claudio. Sa kaniyang opinyon ay kailangan ipagpaliban muna ang pag-endorso ng renewal ng CSAG ni G. Lim ayon sa ibinigay na impormasyon ni PASu Pador.

Ayon naman kay PB Nava, Jr base sa sinasabi ni Gng. Aldea ng Barangay Cataban, sa Umao bridge ay mayroon din mga extraction ng Gravel and Sand na walang permit. Samantalang itong si G. Lim ay iba naman ang area na kung saan ay nadadamay lang sa mga kumukuha na walang endorsement ng PAMB.

Ipinaliwanag naman ni PASu Pador na yong mga inuulat na mga illegal extraction sa Umaw bridge ay nagkaroon na ng series of apprehension sa mga trucks at ang mga ito ay pansamantalang na-impound. Nagkaroon din ng pag-uusap sa PMRB. Dagdag pa nya ang usapin tungkol sa extraction ng sand and gravel ay pinag-usapan noong nakaraan PAMB Enbanc at ipinaliwanag na ang Punong Barangay sampu ng mga kagawad ay mayroon kapangyarihan para manghuli o mag-apprehend sa mga operators at contractor na iligal na kumukuha sa naturang lugar. Ang nasabing isyu ay naipaabot ni Mayor Rodriguez kay RED Claudio noong sila ay nagmeeting at napagkasunduan na magkaroon muna ng validation at assessment, dahil karamihan ng graba at buhangin ay sa Cataban river nanggagaling. Hintayin na muna ang resulta ng validation at assessment gagawin.

Ipinahayag naman ni PB Nava na kung maaari si G. Lim lamang ang maaprubhan at wala nang iba pa papayagang kumuha upang mamonitor kung sinu-sino ang mga walang permit na kumukuha ng nasabing graba.

Ayon din kay G. Lim sila ay patuloy na sumusunod sa lahat ng mga requirements at naghihirap para sa pagkuha ng permit, ngunit iyong iba ay kumukuha lamang ng walang permit.

Dagdag pa naman ni Municipal Admininstrator Morales ang PMRB ay pumapayag na magbigay ng dredging permit ngunit hindi dumadaan sa PAMB.

Ayon kay PASu Pador lahat po ng CSAG permit ay nasa loob ng Protected Area na kung saan ang extraction of sand and gravel ay Prohibited Act at sa katunayan po mayroon ng isang CSAG permit na denied. Dagdag pa ang dredging permit ay ibinibigay para linisin at ayusin ang ang ilog o daanan ng tubig ngunit walang kinukuha graba at buhangin.

Inirekomenda naman ng tagapanguna na hintayin ang magiging resulta ng gagawin validation and assessment sa Cataban river. At base doon sa nabanggit ng PASu sa kadahilanang mayroon gagawin validation ay ipagpaliban na muna ang pag-endorso ng renewal ng CSAG ni G. Lim.

**V. Other official matters**

1. **C3 Philippines proposed signages for MSPLS**

Inilahad ni G. Helbert Garay ng Community Centered Conservation (C3) Philippines, Inc. ang kanilang proyekto na paglalagay ng mga signages na may sukat na 4x8 sa mga strategic area ng Malampaya Sound Protected Landscape and Seascape (MSPLS) Taytay-San Vicente. Ang nasabing mga signage's ay ilalagay sa Barangay Alimanguan, San Vicente, Crossing New Guinlo at Crossing Cataban, Taytay, Palawan. Ito ay binubuo ng tatlong (3) signage's na may isang (1) layout at may disenyo, ang nakalagay ay ang mga impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan ng Protected Area. Ang laki ng mga signage's ay kasukat ng isang buong plywood at ang disenyo ay baliktaran.

Iminungkahi naman ni PASu Pador na ang mga impormasyon ay kung maari ay naka bullet form para madaling Mabasa at matandaan ng mga dumadaan. Ang mga ilalagay ay ang mga sumusunod;

1. Petsa kung kailan na iproklama ang MSPLS
2. Kabuuang sukat ng MSPLS na kung saan mayroong magkahiwalay na sukat ang terrestrial at marine.
3. Barangay na sakop ng MSPLS at kung ilan sa Munisipyo ng Taytay at San Vicente.
4. Species na mayroon sa MSPLS at naka highlight ang Irrawaddy dolphin, bilang flagship species ng MSPLS.
5. Mount Capoas bilang background

Ayon naman kay G. Garay kanila na lamang e-summarize ang mga impormasyon na ilalagay sa nasabing mga signage's.

Iminungkahi din ni Mun. Administrator Morales na mas maganda kung kaunti ang mga salita para sa mga pangunahing impormasyon ng MSPLS ang ilagay sa signages.

Inilahad naman ng tagapanguna na baka maaari din magbigay ang PAMO ng guidelines para sa gagawin signage upang makatulong sa kanilang ginagawang draft ng nasabing proyekto. Ang nasabing proyekto din ang magiging bahagi upang maisalarawan ang MSPLS bilang bahagi ng turismo.

Dagdag pa niya, ang proyektong nabanggit ng C3 Philippines ay magbibigay kabatiran para sa mga nasa loob ng Malampaya Sound, para sa tourism at isaalang-alang ang mga alintunin mula sa Protected Area Management Board (PAMB).

Matapos ang usapin sa nasabing proyekto at kadahilanang wala nang iba pang mga suhestiyon para dito iminungkahi ng tagapanguna ang pagtalakay sa susunod na agenda.

**2. Application for PAMB endorsement of fishing structures within MSPLS**

Ipinahayag ni PASu Pador sa mga miyembro na mayroon temporary moratorium sa pag-endorso ng mga fishery structures sa loob ng marine areas ng MSPLS sa kadahilanang ang Protected Area Suitability Assessment (PASA) ay kasalukuyang nagpapatuloy pa. Kapag natapos na ang mga nasabing gawain ay saka pa lamang ipoproseso ang pag-endorso sa mga fishery structures. Kaniya rin ipinaabot na sa kasalukuyan ay alam ng mga barangays na mayroon ginagawang pagsosona kung saan ilalagay ang mga tahong, fish cages at iba pa. Dagdag pa dito ay ang pagpapaabot sa mga Punong Barangay na kapag mayroon kukuha ng mga endorsement para sa fishery structure ay ipaalam na pansamantala muna hindi tumatanggap ng mga aplikasyon ang PAMO-MSPLS alisunod sa moratorium.

3. **Barangay Local Government Unit projects within timberland**

Ipinaliwanag ni PASu Pador sa mga miyembro ang tungkol sa mga proyekto ng Barangay Local Government Unit na nasa loob ng Protected Area at napapaloob sa timberland. Ayon sa kaniya, ang lahat na ipinasa Resolusyon sa Region ay may comments ng dating Regional Executive Director Lourdes Ferrer na kung saan ang naging rekomendasyon ang lahat ng proyekto ng Barangay sa loob ng timberland ay sasailalim sa aplikasyon ng Special Use Agreement within Protected Area (SAPA). Dagdag pa kung ano ang kanilang saloobin/opinyon tungkol sa nasabing rekomendasyon upang maipagbigay alam ito sa Enbanc nang sa gayon sa Executive Committee pa lamang ay kanila pag-usapan na kung ano ang kanilang mga mungkahi. Sa kaalaman ng board lahat ng barangay projects ay walang ECC na naka attach. Bagamat may mga aggrements na isusumite ngunit sa kasalukuyan wala pang nakapagsumite sa PAMO.

Saad pa ni Pasu Pador kung magkakaroon sila ng position letter doon sa mga nirerequired na dokumento base sa RA No. 11038 na kinakailangan na lahat ng barangay projects ay mag-aaplay ng SAPA. Ang nasabing SAPA ay mayroong kaukulang bayad o rental fee sa kaniyang pakikipag-uganayan sa Biodiversity Management Bureau (BMB) kapag mga non-earning project ay one time payment. Ito ay dapat nilang pag-usapan upang masabi nila kung ano ba ang magiging stand ng mga Punong Barangay.

Itinanong naman ni PB Nava, Jr. kung magkano ang halaga ng babayaran kapag ang proyekto ng barangay ay nakatayo sa loob ng timberland at mag-aaply ng SAPA.

Sagot naman ni PASu Pador sa aplikasyon ng SAPA ang rental ay naka base sa kung gaano kalaki ang area, magkano ang current zonal valuation ng paglalagyan ng proyekto, 1% ng total cost ng proyekto times 0.5.

Saad naman ni PB Nava, Jr na mayroon silang proyekto sa Bgy. Bato at ito ay may tax declaration. Ang ibig sabihin ba nito ang lupa Alienable & Disposable (A&D). Ito ay kaniyang naitanong sapagkat may binabayaran tax at subalit ng kanilang verify sa DENR-CENRO ay nasa Timberland.

Ayon naman kay PASu Pador hindi lahat ng lupa na may tax declaration ay A&D. Kaniya rin ipinaliwanag na may mga timberland na may Tax declaration ang binabayaran ay ang mga improvements/developments sa lupa at hindi ang lupa dahil ito ay timberland at pag-aari ng estado. Tax declaration is issued for taxation purposes at hindi pagpapatunay ng pag mamay-ari.

4. **Using of leba-leba fishing activities within outersound of MSPLS**

Ipinaalam ni PASu Pador sa mga miyembro na nakatanggap ang PAMO ng impormasyon na ang leba-leba fishing activity ay isinagawa sa Barangay Tumbod at diumano may pahintulot ang barangay council dahil nagbibigay ng certification kahit ito ay ipinagbabawal. Kaugnay ng nasabing isyu kaniyang hinihingi ang rekomendasyon ng kapulungan sapagkat kulang ang manpower ng Malampaya Sound na hindi kakayanin na tugunan ang lahat ng concern sa Malampaya Sound. Sa outer sound ay may mga proyekto mula sa mga Non-Governmental Organization (NGOs) kagaya ng Malampaya Foundation . Inc. at C3 Philippines na sila ang mga kaagapay para pangalagaan at protektahan ang Malampaya Sound. Ang C3 Philippines ay maglalagay ng watch tower sa outer sound ng Malampaya, ang nasabing proyekto ay floating watch tower na kung saan maaari pagtaguan kapag masama ang panahon at makakatulong sa pag-monitor lalo na sa mga malalaking fishing boat na pumapasok outer sound.

Ipinaalam ng tagapaguna na noong PASA meeting ang numero uno nilang reklamo lalo sa mga taga Bgy. San Jose ay ang isyu ng leba-leba lalong higit sa lambat palubog ang pinupuntahan ng mga nag leba-leba. Sa kaniya rin pagkakaalam ang nasabing gawain ay katulad ng baring na kung saan ay pareho sa paghango.

Iminungkahi ni PB Nava, Jr. na ang isyung ito ay- usapan na lamang sa pagpupulong ng PAMB Enbanc na kung saan tawagin ang atensyon ng mga Barangay Officials ng Tumbod, para sa paglilinaw at ipaalam sa kanila na ang pagpapalabas ng Certification sa aktibidad ng pangingisda gamit ang leba-leba sa loob ng Protected Area ay mahigpit na ipinagbabawal.

Naibahagi naman ni Gng. Aldea ng Cataban na nagkaroon ng “Ulat ng Bayan” sa Bgy. Liminangcong na kung saan ay nabanggit ni Mayor Rodriguez sa mga opisyales na mayroon mga nagpoprotekta at meron din nagsusumbong sa mga nag-illegal sa nasabing lugar. Ang mga apprehending officers ng Municipal Agriculture Office (MAO) ay sila ang binabantayan kapag pumupunta sa lugar dahilan kung bakit hindi nahuhuli ang mga operators ng nasabing gawain. Sinusuugan niya ang mungkahi ni PB Nava, Jr. na imbetahan ang mga opisyales na may sakop sa nasabing barangay upang malaman na mayroong mga nagrereklamo lalo ang mga small fishing na apektado sapagkat wala na silang nahuhuli.

Lahad ng tagapanguna bilang miyembro pwede na silang magbigay ng posibleng kaparusuhan sa pamamagitan ng pagpasa ng PAMB Resolution dagdag pa nya na ikonsidera ng PAMO ang suhestiyon ni PB Nava, Jr. na magpadala ng sulat sa lalong madaling panahon sa PB ng Bgy. Tumbod hinggil sa imbitasyon para sa 1st PAMB Enbanc meeting at ikumpirma ang kanyang pagdalo. Sa kanilang hanay naman at bilang isang katuwang sa pangangalaga marami na rin ang kaniyang nakakausap hingil sa nasabing isyu kung kaya't siya ay nagbibigay na lamang ng kaunting IEC. Kasama din dito ang kanilang pakikipag-usap sa barangay council hingil sa naging resulta n g kanilang ginagawa. .

Ayon naman kay PASu Pador na mas maganda na napag-usapan ang leba-leba dahil isa sa deliverable ng C3 Philippines ay magkaroon ng pagsasanay. Kaniya rin sinabi na palakasin ang

enforcement sa loob ng Malampaya Sound, sapagkat ito ang nakikita paraan upang mabantayan ang mga iligal na gawain.

Suhestiyon naman ng tagapanguna na magkaroon ng meeting para sa enforcement initiative para magkaroon ng collaborative effort sa hanay ng mga enforcement na gumagalaw sa loob ng Malampaya Sound at ibang pwedeng makatulong katulad ng Philippine Coast Guard, Philippine Maritime at mga volunter mula sa BFARMC na maaari makatulong upang masulusyonan ang mga problem sa loob ng Malampaya Sound.

**5. Asphalt project operated by T.N. Ramos at Sitio Cansilayan, Barangay Bato, Taytay, Palawan**

Ipinahayag ni PASu Pador na nagkaroon ng koordinasyon ang Provincial Environment and Management Office (PEMO) ng Puerto Princesa City hinggil sa aspalto na proyekto sa So. Kansilayan, Barangay Bato, Taytay, Palawan. Base sa update ay naglabas na ang DENR-EMB ng Closure Order para sa nasabing proyekto. Sa kasalukuyan ang T.N. Ramos ay nakipag-ugnayan sa PAMO para sa mga dokumento ng aplikasyon para sa pag-endorso ng PAMB subalit ang nasabing application ay hindi kumpleto at pinayuhan ang proponent na kumpletuhin ang lahat ng kulang na dokumento.

Inilahad naman ni Punong Barangay Nava, Jr. na pumunta sa kanilang tanggapan T. N. Ramos nagpaalam na magtatayo ng building para sa kanilang project sa So. Kansilayan. Ipinaalam niya na ang ang lugar ay sa loob ng Protected Area at kailangan ng dumaan sa PAMB para sa endorsement. Nagbigay ang barangay ng resolution at nilinaw niya na ang ibinigay na resolution ay hindi permit to operate kailangan nila kumuha ng mga dokumento sa iba pang ahensya gaya ng DENR at sa LGU.

At batay sa kanyang nakalap na balita tungkol dito tama po ang sinabi ni PASu Pador, kasalukuyang may Notice of Violation and Closure Order ang T.N. Ramos at sa ngayon ang proyekto ay pansamanta nahinto ang operasyon hanggang hindi nila naiisumite ang mga dokumento hinihingi , sa kasalukuyan ay sarado ang gusali.

**6. WWF Project proposal within MSPLS**

Inilahad ni G. Geofrey M. Aludia, Intern Project Manager ng World Wildlife Fund for Nature-Philippines, ang tungkol sa kanilang panukalang proyekto sa pamamagitan ng zoom. Ayon sa kaniya mayroon silang proyekto para sa Taytay Bay at MSPLS na naglalayong mabawasan ang plastic. Isa sa kanilang target ay ang paglilinis ng mga inabandona o ghost gear ng mga fishery structure sa loob ng Malampaya Sound. Ang kanilang grupo ay humihingi ng tulong sa Protected Area Management Office (PAMO) sa paglikha ng baseline data ng nasabing proyekto. Magkakaroon din sila ng IEC kapag natuloy ang proyekto. Kaniya rin ipinaalam sa darating na Abril 1 magbibisita ang kanilang funder upang bisitahin ang lugar ng Taytay Bay at Malampaya Sound. Kalakip nito, sila ay humihingi ng assistance sa MSPLS para sa sakyan na bangka.

Ayon naman sa tagapanguna na hihintayin na lamang ng PAMO ang proposal ng WWF para sa nasabing proyekto.

**7. MFI Presentation**

Inilahad ni G. David Maurice C. Tolentino kinatawan ng MFI ang mga sumusunod na proyekto at gawain na isinagawa sa loob ng Malampaya Sound mula Enero 2022 hanggang Marso 17, 2022:

a. Provide Solid Waste Management Implementation Support to Barangays Liminangcong, San Jose and Tumbod, Taytay, Palawan.
b. BFARMC Liminangcong conducting Marine Strict Protection Zones Roving in support with Environmental Conservation Initiatives in MSPLS.
c. Assist POs with BLGUs on the formulation of Community Workplans incorporating PO development and environmental mitigation actions.
d. Technical and logistical support provided to the DENR MSPLS Protected Area Management Office in conduct of community sessions and consultations to 5 barangays in MSPLS.
e. Marine Invertebrates Restocking in MSPLS, Taytay; Monitoring results as of 11Mar2022:
    - T. gigas (2020) 343 out of 400 indvs.

- 85.75% survival rate. 2. T. squamosa (2021) 243 out of 346 indvs.
- 70.23% survival rate.3. T. squamosa (2020)
- 12 out of 15 indvs. 86.66% survival rate

f. SAPAKABA Banbanan Rice Mill Wall Repair Updates
- Initial talks with possible contractor/engineer to engage in the repair works
- Actual dimensions provided to potential contractor with the help of SAPAKABA members
- Repair works communicated:
  a. use of long span roofing as wall material
  b. reinforcement of structural integrity of the facility's wall

g. Business Spin-off of the Samahan ng mga Maliliit na Mangingisda ng Liminangcong – Ice Making Business
- SMML PO invested around 50K to purchase to 2 units of Inverter-Type Refrigerators
- Enterprise started only this January 2022
- Packed ice sold to fisherfolks and community

h. Business Spin-off of the Samahang Pangkaunlaran ng Banbanan - Sari-sari Store
- Enterprise started during 2nd Qtr of 2018
- Initial capital investment around 120K
- SAPAKABA added capital in the amount of 70K to expand business this 2022
- Common items like food items, daily necessities in the community sold by the community store

i. Humanitarian Relief Assistance to Palawan in the Wake of Typhoon Odette

## VI. Adjournment

Sa kadahilanang wala nang iba pang katanungan, komento at suhestiyon ang kapulungan, inirekomenda ni Municipal Administrator Morales ang pagtatapos ng pagpupulong na sinegundahan ni Punong Barangay Nava, Jr. sa ganap na ika-12:51 ng hapon.

Prepared by:

**CLARISSA P. PADOR**
Head Secretariat

Approved by:

**DAVID MAURICE C. TOLENTINO**
Presiding Officer/NGO's representative

Affirmed by:

**LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV**
PAMB Chairperson/Regional Executive Director, MIMAROPA Region

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE**
MALAMPAYA SOUND PROTECTED LANDSCAPE AND SEASCAPE (MSPLS)
Taytay-San Vicente, Palawan
Barangay Old Guinlo, Taytay, Palawan
Email add: pamomspls@gmail.com/Contact #: 0938-786-3728 (SMART)

PHOTO DOCUMENTATION






**Figure I.** Nomination of the Presiding Officer and reading, review and approval of previous minutes.









**Figure II.** PAMB members thru virtual appearance.







**Figure III.** Presentation of the proposed projects within MSPLS.

I hereby certify that the above photos are true and correct and was taken during the Protected Area Management Board (PAMB) Execom meeting held on March 17, 2022 at Pem's Pension & Restaurant, Barangay Poblacion, Taytay, Palawan.

**CLARISSA P. PADOR**
Forester III /PASu, MSPLS/In Charge, CDS

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE**
MALAMPAYA SOUND PROTECTED LANDSCAPE AND SEASCAPE (MSPLS)
Taytay-San Vicente, Palawan
Barangay Old Guinlo, Taytay, Palawan
Email add: pamomspls@gmail.com/Contact #: 0938-786-3728 (SMART)







**Figure IV.** Presentation of the proposed signage's of C3 Philippines, Inc. and World Wildlife Fund for Nature- Philippines project proposal within MSPLS.







**Figure V.** Malampaya Foundation, Inc. presented the quarter one (1) updates as of March 17, 2022.

I hereby certify that the above photos are true and correct and was taken during the Protected Area Management Board (PAMB) Execom meeting held on March 17, 2022 at Pem's Pension & Restaurant, Barangay Poblacion, Taytay, Palawan.

**CLARISSA P. PADOR**
Forester III /PASu, MSPLS/In Charge, CDS

MIMAROPA Region
**PROTECTED AREA OFFICE**
**MALAMPAYA SOUND PROTECTED LANDSCAPE AND SEASCAPE**
Barangay Old Guinlo, Taytay, Palawan
Email add: pamomspls@gmail.com/Contact #:0938-786-3728 (SMART)

MALAMPAYA SOUND PROTECTED LANDSCAPE AND SEASCAPE
PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD

9 March 2022

**HON. CHRISTIAN V. RODRIGUEZ**
Municipal Mayor
Taytay, Palawan

Sir,

Greetings from PAMB MSPLS…

Please be informed that a PAMB ExeCom meeting was scheduled on 17th day of March, 2022 9:00 o'clock in the morning at Pem's Pension House, Barangay Poblacion, Taytay, Palawan.

Below is the order of the meeting:

1. Call to order
2. Determination of quorum
3. Presentation of provisional agenda for approval
   a. Reading and approval of the minutes of the previous meeting

4. New Business
   1. Letter of Ma. Louella M. Aranas, managing partner of LMA LAW OFFICES requesting the PAMB Endorsement for Binga Beach located at Barangay Binga, San Vicente, Palawan.
   2. Letter of Mr. Rex M. Lim requesting the PAMB Endorsement for renewal of his small scale sand & gravel permit located at Sitio Barok, Barangay Cataban, Taytay, Palawan.

5. Other official matters/announcements
   1. Application for PAMB endorsement of fishing structures within MSPLS.
   2. Using of leba-leba fishing activities within outersound of MSPLS.
   3. Barangay Local Government Unit projects within timberland.
   4. Asphalt project operated by TN Ramos at Sitio Cansilayan, Barangay Bato, Taytay, Palawan.
6. Adjournment

Sincerely,

MAYORS OFFICE
RECEIVED
BY:
DATE: 3/14/22
TIME: 9:30 am
MUNICIPALITY OF TAYTAY

**CLARISSA P. PADOR**
For. III/PASu MSPLS

MSPLS, TAYTAY/PALAWAN
RELEASED
BY:
DATE: 03.09.22
CN: 0076

Noted by:

**LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV**
Regional Executive Director/PAMB Chairman